

Mga Disaster Recovery Center na Bukas sa Orange at Osceola County

Release Date: October 9, 2022

TALLAHASSEE – Ang [State of Florida at FEMA](#) ay nagbukas ng karagdagang dalawang Disaster Recovery Center (DRC) sa Orange at Osceola county.

ORANGE COUNTY

Barnett Park, 4801 W. Colonial Drive, Orlando, FL 32808

OSCEOLA COUNTY

Hart Memorial Central Library, 211 E. Dakin Avenue, Kissimmee, FL 34741

Bukas ang lahat ng sentro mula 9 a.m. mula 6 p.m. pitong araw sa isang linggo.

Nagbibigay ang mga Disaster Recovery Center sa mga nakaligtas sa sakuna ng impormasyon mula sa mga ahensya ng estado ng Florida, FEMA, at U.S. Small Business Administration (Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo ng U.S.). Ang mga nakaligtas ay maaaring makakuha ng tulong sa pag-apply para sa pederal na tulong at mga loan sa sakuna, mag-update ng mga aplikasyon at matuto tungkol sa iba pang mapagkukunang available.

Ang iba pang sentro ay nagpapatakbo sa:

CHARLOTTE COUNTY

Home Depot, 12621 S McCall Rd, Port Charlotte, FL 33981



FEMA

Page 1 of 3

COLLIER COUNTY

Veterans Community Park, 1895 Veterans Park Drive, Naples, 34109

LEE COUNTY

Lakes Regional Library, 15290 Bass Road, Fort Myers, FL 33919

LEE COUNTY

Fort Myers DMS Building, 2295 Victoria Ave., Fort Myers, FL 33901

SARASOTA COUNTY

Shannon Staub Public Library, 4675 Career Lane, North Port, FL 34289

Bukas ang lahat ng sentro mula 9 a.m. mula 6 p.m. pitong araw sa isang linggo.

Hindi kailangang bumisita sa isang sentro para mag-apply. Puwedeng mag-online ang mga nakaligtas sa disasterassistance.gov, gamitin ang [FEMA mobile app](#) o tumawag sa 800-621-3362. Bukas ang linya araw-araw mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. May available na tulong para sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng video relay service (serbisyo ng video relay, VRS), teleponong may caption, o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.

Ang mga Disaster Recovery Center ay naa-access ng mga taong may mga kapansanan. Mayroon silang kagamitan sa pantulong na teknolohiya na nagbibigay-daan sa mga nakaligtas na makipag-ugnayan sa tauhan. Available ang Malayuang Pag-interpret Gamit ang Video at available ang sign language sa personal kung hihilingin. Ang center ay mayroon ding naa-access na parking, mga rampa, at banyo.



FEMA

Page 2 of 3

Dagdag pa sa mga center, ang mga team ng Disaster Survivor Assistance (Tulong sa Nakaligtas sa Sakuna o DSA) ng FEMA ay umiikot sa mga komunidad sa mga lugar na naapektuhan ng Hurrican Ian para tulungan ang mga residente na mag-apply para sa tulong ng FEMA at sagutin ang mga tanong tungkol sa pederal na tulong. Nakasuot ang mga pangkat ng DSA ng kasuotan ng FEMA at mayroon silang mga pederal na badge ng pagkakakilanlan na may litrato. Walang singil para sa serbisyo.

Makakatulong ang FEMA Individual Assistance sa mga gastusin sa pansamantalang matutuluyan, mga pangunahing pagpapaayos ng bahay at iba pang pangangailangang nauugnay sa sakuna.



FEMA

Page 3 of 3